

Social Outings

DON'T GAMBLE WITH YOUR GROUP

Mga Sosyalang Iskursiyon: huwag magsugal kasama ang inyong grupo

Ang gabay na "Mga Sosyalang Iskursiyon: huwag magsugal kasama ang inyong grupo" ay binuo sa pagtutulungan ng mga ahensyang nag-aalala sa mga pagkatalo ng pera na nararanasan ng mga grupong lumalabas patungong mga lugar ng pagsusugal, partikular na sa Casino.

Maaari ninyong i-download ang buong gabay sa www.nepcp.org.au

Simula pa noong 2009, ang pagtutulungan ito ay nagbibigay na ng kamalayan sa mga grupong pangkomunidad tungkol sa potensyal na mga panganib ng pagdadala ng mga grupo sa Casino. Inimbestigahan nila ang aktwal na gastos sa mga paglabas at gumawa ng dokumento ng mga pinsalang nagaganap mula sa mga ito. Napag-alaman sa pagtutulungan na may ilang mga grupo ang lumalahok sa mga bus trip sa Casino nang hindi lubusang nauunawaan ang mga gastos at mga potensyal na mga panganib.

Itinuturing ng ilang mga grupo na nasusulit nila ang mga pagbibiyaha sa Casino. Ipinakikita sa ginawang pananaliksik na ang mga grupo ay karaniwang gumagastos ng halagang nasa pagitan ng \$1,000 at \$3,500 sa mga biyaheng ito. Karamihan sa gastos ay binubuo ng pagkatalo sa pagsusugal. Sa 200 kalahok, isang tao lamang ay nanalo ng pera (\$ 80). Isa pang tao ang ninakawan ng pitaka na may lamang \$300. Bilang dagdag, iniulat ng ilang mga miyembro ng grupo na sila ay nalantad sa malaking mga panganib mula sa pagsusugal tulad ng pagpaplanong bumalik sa Casino upang mabawi ang kanilang mga pagkatalo.

Bilang resulta ng gawaing ito ang mga grupong pangkomunidad ay nagsimulang humiling ng impormasyon tungkol sa mga gawain at kaganapang maaaring ialok bilang

kapalit ng mga lugar ng pagsusugal. Ang gabay na 'Mga Sosyalang Iskursiyon: Huwag magsugal kasama ang inyong grupo' ay nagtataglay ng lahat ng mga detalyeng kinakailangan upang magplano ng kasiya-siyang mga iskursiyon na masusulit ang halaga ng gastos. Umaasa kami na makatulong ang gabay na ito sa inyong grupo na pumili ng mga iskursiyon na hindi kinapapalooban ng pagsusugal.

Ang gastos ng mga iskursiyon sa Buklet na ito ay mas mababa sa isang iraw sa Casino. At ang mga ito ay walang katulad na mga panganib.

Maraming mga grupo ang nagsabi sa amin na ang pinakamalaking mga balakid sa pagsasagawa ng mga iskursiyong walang pagsusugal ay ang kakulangan ng abot-kayang sasakyan. Iminumungkahi namin na isaalang-alang ng inyong grupo ang paggamit ng pampublikong sasakyan upang makapag-iskursiyon ang grupo. Ang pampublikong sasakyan ay mura, madaling ma-access mula sa karamihang mga lokasyon at nagbibigay ng pagkakataon na maging masaya bilang isang grupo habang umiiwas sa gastos ng pag-upa ng malaking bus. Para sa kadahilanang ito, ang huling mga pahina ng gabay para sa mga Sosyalang Iskursiyon ay may mga mapa at iba pang impormasyon tungkol sa paggamit ng pampublikong sasakyan. Ang lahat ng mga iskursiyon sa gabay ay maaaring ma-access gamit ang mga kotse o bus kung ito ang mas gusto ng inyong grupo.

Kung nais ninyong makipag-usap sa isang manggagawa tungkol sa pagpaplanong mga iskursiyong walang kaugnayan sa pagsusugal, o nais ninyo o sinumang kakilala ninyo na malaman kung saan maaaring makakuha ng tulong sa pagsusugal kumontak kay:

Kate Little, Manggagawa para sa Edukasyong angkomunidad Serbisyo ng Kalusugang Pangkomunidad ng Banyule
(03) 9450 2080 o kate.little@bchs.org.au



Tungkol sa gabay para sa mga Sosyalang Iskursiyon:

Ang gabay para sa mga sosyalang iskursiyon ay maraming ibat ibang mga gawaing maaaring lahukan ng inyong grupo. Ang unang 12 mga gawain ay ang pang-araw na mga biyaha na maaari ninyong gawin. Ang mga iskursiyong ito ay ipinapakita sa 3 mga kategorya:

Walang gastos



CERES Environmental park
National Gallery of Victoria
Royal Botanic Gardens
St Kilda Foreshore
Williamstown

Mababang gastos



Abbotsford Convent
Collingwood Children's Farm
Darebin City Lawn Bowls Club
Immigration Museum
Jewish Museum
Melbourne Museum

Katamtamang gastos



Heidi Museum of Modern Art
Melbourne Zoo

Tinutukoy sa mga gastos na ito ang mga bayad sa entrance o mga gawain. Sa ilang kaso, ang karagdagang mga gawain ay maaaring makuha sa dagdag na bayad at ito ay nakabalangkas sa Buklet. Hindi kasama ang mga gastos sa sasakyan at pagkain at ito ay depende sa mga opsyong pipiliin ng inyong grupo.








Maaaring talakayin ng inyong grupo kung magkano ang nais ninyong gastusin at makagawa ng desisyon nang naaayon. Kung nais ninyong gumastos nang mas mababa, gumamit ng pampublikong sasakyan o mag-car pool at magpiknik. Kung kaya ninyong gumastos nang higit pa, isaalang-alang ang pag-upa ng bus at marahil subukan ang ilan sa magagandang mga restoran sa Melbourne.

Bukod sa mga iskursiyong ito, ang gabay ay naglalaman ng maraming ng lokal na mga bagay na maaaring gawin kabilang ang:

- **Mga pub na walang pokies**
– suportahan ang isang lugar na hindi nagbibigay ng tulong sa mga pagkain sa mga pagkatalo sa sugal ng bulnerableng mga tao!
- **Panauhing mga speaker para sa inyong klub**
– maraming organisasyon ang may mga speaker na maaaring magsalita sa inyong grupo tungkol sa mahahalagang mga isyung pangkalusugan at pangkomunidad
- **Mga iskursiyon sa Op Shop**
– magsaya sa isang iskursiyon na tunay na sulit ang halaga at marami pa kayong mabibili sa inyong pera!
- **Mga Liwasan at Lugar ng Piknik**
– masuwerte tayo sa pagtira sa Melbourne na may magagandang mga lugar na maaaring puntahan, alamin nang higit pa ang mga ito
- **Mga palengke**
– ang Melbourne ay may ilang magagandang panloob at panlabas na mga palengke
- **Pana-panahong mga kaganapan at kapistahan sa Melbourne.**

Upang maging madali ang paggamit ng gabay, may ilang mga simbolo na ginamit sa kabuuan.

Ang simbolong ito ay nagsasabi sa inyo ng...

-  ...lugar
-  ...magkano ang maaari ninyong asahang ibayad para sa paglabas
-  ...kailan bukas ang atraksyon
-  ...paano makakarating sa outing
-  ...saan kayo maaaring kumain, kabilang ang mga lugar ng piknik
-  ...iba pang mga atraksyon
-  ...paano makakakuha ng karagdagang impormasyon

Tandaan, manatiling malusog at ligtas – huwag magsugal kasama ang inyong grupo!

